# DIVISION OF WORKERS' COMPENSATION

*Nagbabawas ng epekto ng mga pinsala at karamdaman na may kaugnayan sa trabaho. Tumulong sa paglutas ng mga di pagkakaunawaan sa mga benepisyo ng kabayaran sa pangkapinsala sa trabaho ng manggagawa. Sumusubaybay sa mga pangangasiwa ng mga claim.*

FACTSHEET E

## MGA SAGOT SA IYONG MGA TANONG TUNGKOL SA MGA KWALIPIKADONG MEDIKAL NA TAGASURI AT MGA PINAGKASUNDUANG MEDIKAL NA TAGASURI

Ang mga kwalipikadong medikal na tagasuri (qualified medical evaluators - QMEs) o pinagkasunduang medikal na tagasuri (agreed medical evaluators - AMEs) ang sumusuri sa mga napinsalang manggagawa upang tutukoy sa mga benepisyo na matatanggap nila kung may hindi pagsang-ayon sa mga opinyon ng gumagamot na doktor.

Ang mga QME ay mga doktor na lisensiyadong manggamot sa California bilang mga medikal na doktor, osteopath, chiropractor, psychologist, dentista, optometrist, podiatrist o acupuncturist at nasertipikahan ng Medical Unit ng Division of Workers' Compensation na magsagawa ng mga medikal/legal na pagsusuri.

Ang mga AME ay mga doktor na pinili sa pamamagitan ng kasunduan sa pagitan ng tagapagtanggol at abogado ng aplikante upang magsagawa ng mga medikal/legal na pagsusuri sa kaso ng bayad-pinsala sa mga manggagawa. Ginagamit lamang ang mga AME kung ang napinsalang manggagawa ay kinakatawan ng isang abogado.

### Ano ang pagkakaiba ng QME at AME?

Kung mayroon kang abogado, maaaring magkasundo ang iyong abogado at ang tagapangasiwa ng mga claim sa isang doktor nang hindi ginagamit ang sistema ng estado sa pagkuha ng isang QME. Ang pagkakasunduan nilang doktor ay tinatawag na AME. Kung hindi sila magkakasundo, kailangang humingi sila ng QME.

### Nagpunta na ako sa doktor. Bakit kailangan kong magpatingin sa isang QME?

Ikaw at/o ang tagapangasiwa ng mga claim ay maaaring hindi magkasundo sa sinasabi ng gumagamot na doktor. Maaari ding may mga iba pang hindi pagkakasundo tungkol sa mga medikal na usapin sa iyong claim. Dapat tugunan ng ibang doktor -- AME o QME -- ang mga hindi pagkakasundong ito, na maaaring kinabibilangan ng:

- Kung ang iyong pinsala ay dulot ng iyong trabaho o hindi
- Kung kailangan mo ng paggamot para sa iyong pinsala (iyon ay kung nangyari lamang ang pinsala bago Ene. 1, 2013) o hindi
- Kung kailangan mong manatili sa bahay at hindi magtrabaho para magpagaling o hindi
- Kung ang iyong kondisyon ay permanente at di nagbabago o hindi
- Kung mayroon kang bago at karagdagang kapansanan o wala
- Isang iskor para sa permanenteng kapansanan.

### Sino ang gagawa ng desisyon tungkol sa pagpunta sa isang QME?

Ikaw, ang iyong abogado o ang tagapangasiwa ng mga claim ay maaaring humiling ng isang pagsusuri ng QME.

Bibigyan ng DWC Medical Unit ang sinumang hihingi nang may listahan (tinatawag na panel) ng tatlong QME. Bawat panel ng QME ay sapalarang maililista at ang mga nakalistang doktor ay mga dalubhasa sa larangang hiningi. Pipiliin ang isang doktor mula sa listahan upang suriin ka at gagawa ng report ng iyong kondisyon. Sa sandaling mapili ang isang QME para sa iyong claim, ang karamihan ng mga hindi pagkakaintindihan ay kailangang mapunta sa QME na iyon.

### Paano ako hihiling ng pagsusuri ng QME?

Sasagot sa form ng "Kahilingan para sa QME panel" at isumite ito sa DWC Medical Unit. Basahin ang gabay 2 ng Information & Assistance (I&A) para sa tulong sa form na ito.

**TANDAAN:** Kung sasabihin ng iyong pinagtatrabahuhan o tagapangasiwa ng mga claim na may problema sa iyong claim at padadalhan ka ng form ng "Kahilingan para sa QME panel," mayroon kang 10 araw upang sagutan ang form, piliin ang aling medikal na larangan dalubhasa ang QME at ipadala ang form sa DWC Medical Unit. Kung hindi mo isusumite ang form sa loob ng 10 araw, gagawin ito ng tagapangasiwa ng mga claim at siya ang pipili ng uri ng doktor na pupuntahan mo.

### Ano ang kaibhan kung sino ang magsusumite ng form upang humiling ng QME?

Ang sinumang magsusumite ng form ng kahilingan ang siyang pipili kung aling larangang dalubhasa ang doktor para sa pagsusuri. Tingnan ang gabay 2 ng I&A para sa mga karagdagang impormasyon. Kapag matatanggap mo ang panel, makakatanggap ka rin ng sulat na nagpapaliwanag kung paano gagawa ng appointment sa QME at kung paano ibibigay sa QME ang mga mahahalagang impormasyon tungkol sa iyong sarili. Sa loob ng 10 araw ng petsa sa listahan, kailangan ninyong pumili ng isang QME mula sa listahan, magtakda ng appointment at sabihin sa tagapangasiwa ng mga claim. Kung hindi mo gagawin ito, maaaring piliin ng tagapangasiwa ng mga claim ang doktor at gumawa ng appointment para sa iyo.

### May magagawa ba ako kung hindi ako sang-ayon sa sasabihin ng QME?

Oo, mayroon kang 30 araw mula sa petsang natanggap mo ang report upang magdesisyon kung sumasang-ayon ka sa report ng QME o kung kailangan mo pa ng karagdagang impormasyon. Kapag matanggap mo ang report, basahin mo ito kaagad at magdesisyon kung sa tingin mo ay tumpak ito. Kung hindi, at mayroon kang abogado, dapat mo siyang kausapin tungkol sa iyong mga opsyon.

Kung wala kang abogado, tawagan muna ang tagapangasiwa ng mga claim. Kung hindi ito makakatulong, makipag-ugnayan sa opisyal ng I&A sa opisina ng Workers' Compensation Appeals Board (WCAB) sa iyong distrito. Matutulungan ka ng opisyal ng I&A para alamin kung ano ang pinakamabuti sa iyong kaso.

Kung ikaw ay nasa isang unyon, maaaring may pagkakataon kang makipagkita sa ombudsperson o tagapamagitan sa ilalim ng mga takda ng iyong collective bargaining agreement o labor-management agreement.

### Ako ay nasa isang network ng tagapagdulot ng medikal na serbisyo (medical provider network - MPN). Nauukol ba sa akin ang proseso ng QME?

Oo, maaari pa ring gamitin ang proseso ng QME kung bahagi ka ng isang MPN.

### May mga tanong pa ako. Kanino ako makikipag-ugnayan?

Kung may mga tanong ka tungkol sa paghiling ng QME panel, makipag-ugnayan sa DWC Medical Unit sa pamamagitan ng telepono sa 1-800- 794-6900 o pagsulat sa: DWC Medical Unit, P O Box 71010, Oakland, CA 94612.

Para sa mga karagdagang impormasyon, tawagan ang 1-800-736-7401 o bisitahin ang Web site ng DWC sa www.dwc.ca.gov upang maghanap ng lokal na opisina ng I&A. Maaari mo ring i-download ang mga gabay ng I&A at kumuha ng mga impormasyon tungkol sa mga workshop para sa mga napinsalang manggagawa.

Ang katangian ng mga impormasyong nilalaman ng dokumento ng mga impormasyon na ito ay pangkalahatan at hindi inilaan bilang pamalit sa legal na pagpapapayo. Ang mga pagbabago sa batas o sa mga partikular na impormasyon ng iyong kaso ay maaaring magresulta sa mga legal na pagpapakahulugang iba sa mga ipinakita dito.

Marso 2013